California School DASHBOARD

College/Career Indicator (CCI): Mga Panukala ng Kahandaan sa Kolehiyo

Ipinapakita ng CCI kung gaano kahusay inihahanda ng mga lokal na ahensyang pang-edukasyon (LEA) at mga paaralan ang mga mag-aaral sa high school para sa tagumpay pagkatapos ng graduation, maging sa postsecondary na edukasyon man o sa isang karera. Para sa kadahilanang ito, ang CCI ay binubuo ng parehong mga panukala ng kahandaan sa kolehiyo at karera. Naglalaman ang flyer na ito ng mga panukala ng kahandaan sa kolehiyo. Upang makita ang mga panukala ng kahandaan sa karera, pakibisita ang https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/ccicareer.pdf.

Ang kahandaan sa kolehiyo ay nangangahulugan ng pagkumpleto ng mahigpit na coursework, pagpasa sa mga mapanghamong pagsusulit, o pagtanggap ng state seal. Maraming panukala ang inaprubahan ng State Board of Education bilang pahiwatig ng kahandaan sa kolehiyo, tulad ng ipinapakita sa ibaba. Para sa bawat panukala, ginagamit ang mga partikular na pamantayan upang matukoy kung ang isang mag-aaral ay "Handa" o "Papalapit na sa Kahandaan."

Handa

Ang mga nagtapos na inuri bilang Handa ay dapat matugunan ang kahit isa man lang sa mga pamantayan:

- **Smarter Balanced Summative Assessments (Mga Mas Matalino't Balanseng Summative Assessment)**
  Makatanggap ng iskor na Level 3 “Standard Met (Nakamit ang Pamantayan)” o mas mataas pa sa parehong English language arts/literacy (ELA) at mathematics
- **Advanced Placement (AP) Exams (Mga Advanced Placement na Pagsusulit)**
  Makatanggap ng iskor na 3 o mas mataas pa sa dalawang pagsusulit sa AP
- **International Baccalaureate (IB) Exams (Mga Pagsusulit ng International Baccalaureate)**
  Makatanggap ng iskor na 4 o mas mataas pa sa dalawang pagsusulit sa IB
- **College Credit Courses (Mga Kurso ng College Credit)**
  Kumpletuhin ang dalawang semestre, tatlong quarter, o tatlong trimester ng coursework sa kolehiyo na may gradong C- o mas mataas pa sa mga asignaturang akademiko/Career Technical Education (CTE) kung saan iginagawad ang mga college credit
- **State Seal of Biliteracy (SSB) (State Seal ng Biliteracy)**
  Makatanggap ng SSB *at* iskor na Level 3 o mas mataas pa sa ELA sa Smarter Balanced Summative Assessments (Mga Mas Matalino't Balanseng Summative Assessment)

- **University of California (UC) at California State University (CSU) a–g na mga kinakailangan**
  Kumpletuhin ang a–g na mga kinakailangan sa kurso na may gradong C o mas mahusay pa at matugunan ang isa sa mga karagdagang pamantayan sa ibaba:
  - Smarter Balanced Summative Assessments (Mga Mas Matalino't Balanseng Summative Assessment:): Makatanggap ng iskor na Level 3 o mas mataas pa sa isang asignatura (ELA o mathematics) at iskor na Level 2 sa iba pang asignatura
  - Kumpletuhin ang isang semestre/dalawang quarter/dalawang trimester ng mga College Credit Course na may gradong C- o mas mahusay pa sa mga asignaturang akademiko/CTE kung saan iginagawad ang mga college credit para sa bawat kurso
  - Makatanggap ng iskor na 3 sa isang pagsusulit sa AP o iskor na 4 sa isang pagsusulit sa IB
  - Kumpletuhin ang isang CTE Pathway

Papalapit na sa Kahandaan

Ang mga nagtapos na inuri bilang Papalapit na sa Kahandaan ay dapat matugunan ang kahit isa man lang sa mga pamantayan:

- **Smarter Balanced Summative Assessments (Mga Mas Matalino't Balanseng Summative Assessment)**
  Makatanggap ng iskor na Level 2 “Standard Nearly Met (Halos Nakamit ang Pamantayan)” sa parehong ELA at mathematics
- **College Credit Courses (Mga Kurso ng College Credit)**
  Kumpletuhin ang isang semestre, dalawang quarter, o dalawang trimester ng coursework sa kolehiyo na may gradong C- o mas mahusay pa sa mga asignaturang akademiko/CTE kung saan iginagawad ang mga college credit
- **Mga a-g na kinakailangan sa UC at CSU**
  Kumpletuhin ang mga a–g na kinakailangan sa kurso na may gradong C o mas mahusay pa